## Tala: 1

Impeksiyon sa Gitnang Tainga(includes abstract) Carson-DeWitt R; Rebeiz EE; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052501

Abstract: Sa kondisyong ito, nagkakaroon ng impeksiyon at namamaga ang gitnang tainga. Ang gitnang tainga ay nasa likuran ng eardrum.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Impeksiyon sa Gitnang Tainga

**(Malalang Pamamaga sa Tainga; Impeksiyon sa Tainga, Gitna; Pamamaga sa Gitnang Tainga)**


ni: Rosalyn Carson-DeWitt, MD

[View English Version]

## Kahulugan

Sa kondisyong ito, nagkakaroon ng impeksiyon at namamaga ang gitnang tainga. Ang gitnang tainga ay nasa likuran ng eardrum.

**Ang Gitnang Tainga**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sanhi

Ang kondisyong ito ay dulot ng bacteria at mga virus, gaya ng:

- *Streptococcus pneumoniae* (pinaka-karaniwan)
- *Haemophilus influenzae*
- *Moraxella (Branhamella) catarrhalis*
- *Streptococcus pneumoniae* (mas madalang)

## Mga Nagbibigay Panganib

Pinapataas ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng impeksiyon sa gitnang tainga.

- Kamakailan lang na impeksiyon dulot ng virus (halimbawa, sipon )
- Kamakailan lang na sinusitis
- Edad: mga sanggol at mga batang bago pa lamang naglalakad
- Panahon: taglamig
- Pagpasok sa day care

- Mga sanggol na pinapakain ng nabibiling polbong gatas
- Mga kondisyong medikal na nagdudulot ng mga abnormalidad ng mga tubong eustachian, gaya ng:
  - Cleft palate
  - Down syndrome
- Kasaysayan ng mga allergy (mga allergy mula sa kapaligiran, mga allergy sa pagkain [gatas] )
- Gastroesophageal reflux disease (GERD)
- Mga sanggol na ang mga ina ay uminom ng alak habang buntis
- Pagkakalantad sa usok mula sa sigarilyo at tabako pati na ang naibuga nang usok ng mga naninigarilyo, kadalasang usok ng sigarilyo, ngunit mula din sa mga pagluluto at pagpapa-init ng kahoy

Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa panganib na mga ito:

**Sintomas**
Kasama sa mga sintomas ang:

- Pananakit sa tainga (maaaring hilahin o kaskasin ng mga sanggol ang tainga o mukha)
- Lagnat
- Pagkamainitin ng ulo
- Pagkawala ng pandinig (maaaring pansamantala, dahil sa pagkaipon ng likido)
- Nabawasang ganang kumain, kahirapan sa pagpapakain
- Di-mahimbing na pagtulog
- Pagtulo mula sa tainga
- Kahirapan sa balanse

**Pagsuri**
Magtatanong ang doktor tungkol sa mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Karamihan ng mga impeksiyon sa gitnang tainga ay natutuklasan sa pagtingin sa tainga gamit ang instrumentong may ilaw, tinatawag na otoscope.

Titingnan ng doktor kung mayroong naipong likido o nana sa likod ng eardrum. Maaaring ikabit sa otoscope ang maliit na tubo o balbula. Ito ay upang magbuga ng kaunting hangin sa tainga. Tumutulong ang pagbuga ng hangin upang makita ng doktor kung normal na gumagalaw ang eardrum.

Kasama sa mga ibang pagsusuri ang:

- Tympanocentesis—ginagamit upang patuluin ang likido o nana mula sa gitnang tainga gamit ang karayom, ginagamit din na pangsuri ng bacteria
- Tympanometry—sinusukat ang presyon sa gitnang tainga at pagtugon ng eardrum, ginagamit din na pangsuri ng likido o nana
- Pagsusuri sa pandinig —maaaring gawin kung nagkaroon ka noon ng maraming mga impeksiyon sa tainga

**Paggamot**
Kasama sa mga paggamot ang:

## Gamot

Karaniwang ginagamit ang mga antibiotic upang gamutin ang mga impeksiyon sa tainga. Kasama sa mga halimbawa ang:

- Amoxicillin (Amoxil, Polymox)
- Clavulanate (Augmentin)

Kabilang sa ibang mga gamot na ginagamit minsan ang:

- Cephalosporins (cefprozil, cefdinir, cefpodoxime, ceftriaxone)

- Sulfa drugs (Septra, Bactrim, Pediazole)

Dahil nagkakaroon ng resistansya ang mga bacteria sa mga antibiotic, ginagamit ng mga doktor ang paraang "hintayin at tingnan." Sa ilang mga kaso, maaaring magreseta ang iyong doktor ng antibiotic para sa iyong anak at hilingin sa iyong gamitin ang gamot kung nagtatagal ang pananakit o lagnat nang ilang araw. Mabisa ang paraang ito. *

Ang ilang mga impeksiyon sa tainga ay dulot ng virus. Hindi mawawala ang uring ito nang mas mabilis sa mga antibiotic. Karamihan ng mga impeksiyon sa gitnang tainga (kabilang ang mga dulot ng bacteria) ay kusang gumagaling sa 2-3 araw.

## Mga Gamot sa Pananakit na Nabibiling Walang Reseta

Makakatulong ang mga gamot sa pananakit upang mabawasan ang pananakit, lagnat at pagka-iritable. Kasama dito ang mga:

- Acetaminophen
- Ibuprofen
- Pansinin: Hindi inirerekomenda ang aspirin para sa mga batang may kasalukuyan o kamakailan lang na impeksiyon dulot ng virus. Kausapin ang iyong doktor bago bigyan ang iyong anak ng aspirin.

## Mga Pamatak sa Tainga

Maaaring makatulong ang mga pamatak sa tainga sa pananakit. Kung mayroong tsansang pumutok ang eardrum, huwag gumamit ng pamatak sa tainga.

## Myringotomy

Ang myringotomy ay isang operasyong ginagawa upang buksan ang eardrum. Ginagawa ang maliit na hiwa sa eardrum upang patuluin ang likido at nana.

**Pag-iwas**

Upang mabawasan ang tsansang magkaroon ng impeksiyon sa tainga:

- Iwasan ang pagkakalantad sa usok.
- Pasusuin ang iyong sanggol nang di-kukulangin sa unang anim na buwan.
- Subuking iwasan ang pagbibigay sa iyong sanggol ng tsupon.
- Kung nagpapapagatas ka sa bote, panatilihing nakataas ang ulo ng iyong sanggol hangga't maaari. Huwag iiwanan ang bote sa kuna kasama ng iyong sanggol.
- Magpasuri para sa mga allergy.
- Gamutin ang mga kaugnay na kondisyon, gaya ng GERD.
- Sanaying gawin ang tamang paghuhugas ng kamay .
- Tiyaking nabakunahan ang iyong anak. Maaaring bawasan ng bakuna sa pneumococcus ang panganib sa mga impeksiyon sa gitnang tainga.
- Pag-isipang kumuha ng bakuna sa trangkaso .
- Kung ang iyong anak ay may kasaysayan ng mga impeksiyon sa tainga, kausapin ang doktor tungkol sa matagalang paggamit ng antibiotic. Ginagamit ito sa ilang mga kaso.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga tubong tympanostomy. Makakatulong ang mga tubong ito upang pagpantayin ang presyon sa likuran ng eardrum.
- Maaaring makaabala ang mga malalaking adenoid sa mga tubong eustachian. Tanungin ang doktor ng iyong anak tungkol sa pagtatanggal sa adenoids .

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant

evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052501